

Patakaran ng Pagdiskonekta sa Serbisyo ng Tubig sa Lungsod ng Gonzales

(Alinsunod sa State Health and Safety Code 116900) Disyembre 2019

1. Ang pagdiskonekta sa serbisyo ng tubig ay isasagawa alinsunod sa batas ng Estado kasama na ang The Water Shutoff Protection Act na magsisimula kasama ng California Health and Safety Code 116900.
 - a. Ang patakarang ito ay ipapaskil sa website ng Lungsod sa English, Spanish at mga wikang nakalista sa Section 1632 ng Civil Code (kasalukuyang Spanish, Chinese, Korean, Vietnamese at Tagalog).
2. Ang proseso para sa mga kustomer na boluntaryong magdidiskonekta ng serbisyo sa tubig:
 - a. Pagkatapos ng abiso sa tauhan ng Lungsod sa City Hall, maging ito ay personal sa 147 Fourth Street o sa pamamagitan ng telepono sa (831) 675-5000 sa loob ng normal na oras ng pangangalakal, ang serbisyo ay ididiskonekta sa loob ng isang (1) araw ng pangangalakal.
 - b. Ang mga kustomer ay kinakailangan na magbigay ng maaasahang direksyon na padadalhan para sa pagsasara ng bayarin.
3. Ang proseso para sa mga kustomer para maidiskonekta dahil sa hindi-pagbabayad ng mga singilin:
 - a. Bilang saligan ng gawain, lahat ng isinulat na komunikasyon na may kinalaman sa serbisyo ng tubig ay gagawin sa English at Spanish.
 - b. Walang kustomer ang pagsasarhan para sa delingkwenteng bayarin sa tubig na mas mababa sa animnapung (60) araw na lumampas sa taning.
 - c. Bago ang pagdiskonekta sa serbisyo ng tubig para sa hindi-pagbabayad ng mga bayarin, lahat ng mga sumusunod ay naaangkop:
 - i. Anumang balanse sa bayarin na \$20 o mas mababa ay maaaring isama at idadagdag sa susunod na panahon ng pagbabayad na hindi na dadaan sa pagsusuri dahil sa nahuling pagbabayad o saklaw dahil sa patuloy na gawain sa koleksyon.
 - ii. **Abiso sa Nalalapit na Pagdiskonekta**-isinulat na abiso ng nalalapit na pagdiskonekta ay ipapadala sa lokasyon ng bayarin na hindi bababa sa pitong (7) araw ng kalakal bago ang pagdiskonekta. Bilang alternatibo, abiso ng nalalapit na pagdiskonekta ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng telepono. Kung ang abiso ay ibinigay sa pamamagitan ng telepono, ang Lungsod ay mag-aalok na magbigay sa kustomer ng kopya ng patakarang ito at mag-aalok din na makipag-usap kasama ang kustomer ng mga opsyon para sa mga alternatibong kabayaran at ang mga pamamaraan para sa pagsuri at apela ng bayarin ng kustomer na ipapatupad ng patakarang ito. Kung ang Lungsod ay nakayang kontakin ang kustomer sa pamamagitan ng isinulat na abiso (e.g. ang ipinadalang abiso sa koreo ay ibabalik kapag hindi maaaring ipadala) o sa pamamagitan ng telepono, ang Lungsod ay magsasagawa na may mabuting pananalig na bisitahin ang kaukulang tirahan at mag-iiwan ng abiso ng nalalapit na pagdiskonekta o serbisyo para sa hindi-pagbabayad at kopya ng patakarang ito sa pintuan o sa ilang lugar na kapuna-puna.
 - iii. Kasama sa **Abiso ng Nalalapit na Pagdiskonekta**:

1. Pangalan at tirahan ng kustomer
 2. Halaga na lumampas sa itinakdang petsa
 3. Ang petsa kung saan ang kabayaran o pagsasaayos ng kabayaran ay kinakailangan upang maayos na maiwasan ang pagdiskonekta ng serbisyo
 - a. Abiso sa proseso para maiwasan ang pagdiskonekta
 - b. Apela sa halaga ng bayarin
 - c. Kahilingan sa pagpapalawig
 - d. Pamamaraan sa paghiling ng alternatibong kabayaran, bawas na bayarin, ipinagpaliban na bayarin
 4. Kasama ng abiso ang mga pamamaraan sa muling pagkonekta
- d. Ang mga kustomer ay hindi madidiskonekta dahil sa hindi-pagbabayad ng mga bayarin kung ang **LAHAT** ng mga sumusunod ay totoo:
- i. Magbibigay ang kustomer ng sertipikasyon sa pamamagitan ng Primary Care Provider na ipinaliwanag sa California Welfare and Institutions Code 14088, (General Practitioner, Obstetrician/Gynecologist, Pediatrician, Family Practice Physician, Primary Care Clinic, Hospital, o Outpatient Clinic) na ang pagtigil ng serbisyo ay banta sa buhay o magbabadya ng banta sa kalusugan at kaligtasan ng sinumang residente ng lugar kung saan ang serbisyo ng tubig ay ibinibigay; at
 - ii. Ipinapakita ng kustomer na sila ay walang-kakayahang pinansyal para magbayad (napagpasyahan kung may sinumang miyembro ng sambahayan ng kustomer ay kasalukuyang tumatanggap ng Cal WORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o ng California Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ang kustomer ay idineklara na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa dalawang-daang porsiyento (200%) ng pederal na antas ng kahirapan; at
 - iii. Ang kustomer ay nais na pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, o may plano para sa ipinagpaliban o binawasang pagbabayad.
- e. Ang bigat para patunayan ang pagsunod sa mga kondisyon na inilarawan sa Subseksyon d. sa itaas ay nasa kustomer. Upang mapayagan ang Lungsod ng sapat na oras para iproseso ang anumang kahilingan sa tulong, ang mga kustomer ay hinihikayat na magbigay ng mga dokumento na nagpapatunay ng kaangkuhan ng Subseksyon d.i at ii, at ang pagpayag sa Subseksyon d.iii., na malayo sa pagsulong ng anumang iminumungkahing petsa para sa pagtigil ng serbisyo kung maaari. Ang Lungsod ay magkakaroon ng pitong (7) araw sa kalendaryo para suriin ang isinuniteng mga materyales at alinmang kahilingan ng karagdagang impormasyon o maabisuhan ang kustomer ng mga takda ng anumang magagamit na alternatibong pagsasaayos sa pagbabayad kung saan pinapayagan ng Lungsod ang kustomer na makilahok. Kung hiniling ng Lungsod ang karagdagang impormasyon, kailangan itong maibigay ng kustomer sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng paghiling. Sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo pagkatapos, aabisuhan ng Lungsod ang kustomer sa pamamagitan ng sulat na hindi nito natugunan ang mga kondisyon sa ilalim ng Subseksyon d. sa itaas, o maabisuhan ang kustomer na siya ay kwalipikado para

sa alternatibong plano sa pagbabayad at ang mga takda sa plano kung saan ang Lungsod ay pinapayagan lumahok ang kustomer. Sinumang kustomer na hindi tumugon sa mga kondisyon na nakalarawan sa Subseksyon d. ay kailangang magbayad ng delingkwenteng halaga, kasama ang anumang multa at iba pang kabayaran, na huling inutang sa Lungsod sa loob ng alinman sa sumusunod: (i) dalawang (2) araw ng pangangalakal pagkatapos ng petsa ng pag-abiso mula sa Lungsod at sa pagpapasiya ng Lungsod na ang kustomer ay hindi tumugon sa nasabing mga kondisyon; o (ii) ang petsa ng nalalapit na pagdiskonekta ng serbisyo, na nakatukoy sa Overdue Notice.

- f. Ang mga kustomer na ang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% sa linya ng pederal na kahirapan ay magkakaroon ng kabayaranang interes sa delingkuwente na bayarin kada 12 buwan ay iwawaksi na lamang.

4. Muling Pagkonekta sa Serbisyo ng Tubig

- a. Ang serbisyo ng tubig ay muling ikokonekta kung alinman sa I o ii at b.
 - i. Ang parehong pamilya o residente ay hindi makakonekta sa serbisyo ng tubig maliban kung mabayaran ang buong halaga.
 - ii. Ang pagpalit ng pangalan ay maaaring mangyari lamang sa bago at pinakahuling kasunduan sa pag-uupa o dokumento ng pinakahuling biniling pag-aari sa pangalan ng bagong gagamit ng serbisyo.
- b. Ang mga deposito sa serbisyo ng tubig ay kailangan sa mga kasalukuyang antas.
- c. Kung masusunod ang pagsuri na isinailalim sa Section 3.d. sa itaas, kung ang sambahayang kita ng kustomer ay mas mababa sa dalawandaang porsiyento (200%) ng linya sa pederal na kahirapan, anumang bayarin sa muling pagkonekta ay sisingilin sa nasabing kustomer sa loob ng normal na oras ng pagsasagawa na hindi lalampas sa \$50, at ang bayarin sa muling pagkonekta sa loob ng oras ng hindi-paggawa ay hindi dapat lumampas sa \$150. Ang mga bayarin na hindi dapat lumampas sa aktwal na singil sa muling pagkonekta kung ang singil na iyon mas mababa kaysa sa nakasaad dito.

5. Mga Plano sa Alternatibong Pagbabayad

Para sa sinumang kustomer na tumutugon sa tatlong mga kondisyon sa ilalim ng Section 3.d sa itaas, ang Lungsod ay mag-aalok ng sumusunod na mga pagkakaayos sa alternatibong pagbabayad: (i) amortisasyon ng hindi nabayaranang balanse; (ii) alternatibong iskedyul sa pagbabayad; (iii) kalahati o buong pagbawas ng hindi nabayaranang balanse, o; (iv) pansamantalang ipinagpaliban na pagbabayad. Ang Tagapamahala ng Lungsod, o ang kanyang kinatawan, ay, sa pagsagawa ng makatuwirang pagpapasiya, pipili ng pinakaangkop na pagkakaayos sa alternatibong pagbabayad matapos masuri ang impormasyon at dokumento na ibinigay ng kustomer at pagkonsidera sa pinansyal na sitwasyon ng kustomer at mga pangangailangan ng pagbabayad ng Lungsod.

A. Amortisasyon: Sinumang kustomer na hindi makapagbayad ng serbisyo sa tubig sa loob ng normal na panahon sa pagbabayad ng Lungsod at natugunan ang tatlong mga kondisyon sa ilalim ng Section 3.d sa itaas, na kukumpirmahin ng Lungsod ay maaaring pumasok sa isang plano ng amortisasyon sa Lungsod sa mga sumusunod na takda:

1. Takda. Kailangang bayaran ng kustomer ang hindi-nabayarang balanse, kasama ang bayaring administratibo at interes, sa loob ng panahon na hindi lalampas ng anim (6) na buwan. Ang Lungsod ay mayroong pagpapasiya na ipatupad ang amortisasyon sa panahon ng hanggang labindalawang (12) buwan upang maiwasan ang hindi inaasahang paghihirap sa kustomer. Ang hindi-nabayarang balanse, kasama ang angkop na ipinapatupad na bayaring administratibo at anumang interes ay ipapatupad, kung saan hahatiin sa pamamagitan ng bilang ng mga buwan sa panahon ng amortisasyon at ang halagang iyon ay idadagdag sa susunod na buwanang bayarin ng kustomer para sa serbisyo ng tubig.

2. Administratibong Bayarin: Interes. Para sa anumang inaprubahang plano ng amortisasyon, ang kustomer ay pagbabayaran ng administratibong bayarin, sa halagang pinagtibay ng Lungsod paminsan-minsan, ipinapakita ang bayarin sa Lungsod sa pagpapatupad at pamamahala sa plano. Ang interes na nasa taunang halaga na hindi lalampas sa 8% ay maaaring ipatupad sa anumang halaga na binago.

3. Pagsunod. Kailangang sundin ng kustomer ang plano sa amortisasyon at mananatiling kasalukuyan habang nadadagdag sa kabayaran sa bawat panahon ng bayarin ang pagbabayad. Hindi na kailangan pang humiling ng kustomer ng karagdagang amortisasyon sa anumang hindi nabayarang kabayaran habang nagbabayad ng delingkuwente na kabayaran alinsunod sa isang plano ng amortisasyon. Kung nabigo ang kustomer na sumunod sa takda ng plano ng amortisasyon para sa animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, maaaring hindi ipagpatuloy ng Lungsod ang serbisyo ng hindi bababa ng limang (5) araw matapos ipaskil ng Lungsod sa tirahan ng kustomer ang pinal na abiso sa intensyon ninyong hindi ipagpatuloy ang serbisyo.

B. Alternatibong Iskedyul sa Pagbabayad. Sinumang kustomer na nabigong makapagbayad para sa serbisyo ng tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad at tumutugon sa tatlong mga kondisyon sa ilalim ng Section 3.d sa itaas, na kukumpirmahin ng Lungsod, maaaring pumasok sa isang alternatibong iskedyul sa pagbabayad para sa hindi-nabayarang balanse na alinsunod sa sumusunod:

1. Panahon ng Muling-Pagbabayad. Kailangang bayaran ng kustomer ang hindi-nabayarang balanse, kasama ang bayaring administratibo at interes na nakasaad sa subseksyon 2 sa ibaba, sa loob ng panahon na hindi lalampas ng labindalawang (12) buwan, na pagpapasiyahan ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang kinatawan.

2. Administratibong Bayarin, Interes. Para sa anumang inaprubahang alternatibong iskedyul sa pagbabayad, ang kustomer ay magbabayad ng administratibong bayarin, sa halagang ipinapatupad ng Lungsod paminsan-minsan, ipinapakita ang bayarin sa Lungsod sa pagpapatupad at pamamahala sa iskedyul ng pagbabayad. Nasa pagpapasiya ng Tagapamahala ng Lungsod o kinatawan nito, interes sa taunang halaga na hindi lalampas sa walong (8) porsiyento ay ipapatupad sa anumang halaga na babayaran sa ilalim ng subseksyon na ito.

3. Iskedyul. Pagkatapos komunsulta sa kustomer at isaalang-alang ang pinansyal na mga limitasyon, ang Pangkalahatang Tagapamahala o ang kanyang kinatawan ay magbubuo ng alternatibong iskedyul sa pagbabayad na sasang-ayunan ng kustomer. Ang nasabing iskedyul ay maaaring magbigay ng pana-panahong kabuuan na mga kabayaran na hindi umaayon sa

ipinatupad ng Lungsod na petsa sa pagbabayad, maaaring magbigay para sa mga kabayaran na gagawin ng mas madalas kaysa sa buwanan, o maaaring magbigay ng mga kabayaran na mas madalang kaysa sa buwanan, ibinigay sa lahat ng kaso, ang hindi-nabayaranang balanse at administratibong bayarin ay kailangang bayaran ng buo sa loob ng labindalawang (12) buwan ng ipinatupad na iskedyul ng pagbabayad.

4. Pagsunod sa Plano. Kailangang sumunod ng kustomer sa napagkasunduang iskedyul ng pagbabayad dahil ang mga singil ay madadagdagan sa bawat bayarin sa panahon ng pagsingil. Ang kustomer ay hindi maaaring humiling ng mas mahabang iskedyul sa pagbabayad para sa anumang bayarin ng hindi-nabayaranang singil habang nagbabayad ng delinkuwenteng singil alinsunod sa napagkasunduang iskedyul. Kung nabigo ang kustomer na sundin ang mga takda ng napagkasunduang iskedyul sa animnapung (60) araw sa kalendaryo o higit pa, o nabigong magbayad ng kasalukuyang bayad sa serbisyo para sa kustomer ng animnapung (60) araw o higit pa, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa pag-aari ng kustomer ng hindi bababa sa limang (5) araw ng pangangalakal matapos maipaskil ng Lungsod sa tirahan ng kustomer ang pinal na abiso ng intensyon nitong itigil ang serbisyo.

C. Pagbabawas ng Hindi-Nabayaranang Balanse. Sinumang kustomer na hindi nakapagbayad para sa serbisyo ng tubig sa loob ng panahon ng normal na pagbabayad ng Lungsod at tumugon sa tatlong mga kondisyon sa ilalim ng Section 3.d sa itaas, na kukumpirmahin ng Lungsod, ay maaari, kung aaprubahan ng Lungsod ang alternatibong ito, tatanggap ng pagbabawas sa hindi-nabayaranang balanse na utang ng kustomer, hindi lalampas ng dalawangpu't limang porsiyento (25%) sa nasabing balanse kahit na walang pagsang-ayon ng Konseho ng Lungsod, kapag ang nasabing pagbabawas ay popondohan mula sa iba pang pagkukunan na hindi magresulta ng karagdagan mga bayad na ipinapataw sa ibang mga kustomer. Ang proporsyon ng anumang pagbabawas ay natutukoy ng pinansyal na pangangailangan ng kustomer, ang pinansyal na kondisyon ng Lungsod at mga pangangailangan at ang magagamit na mga pondo para paluwagin ang pagbabawas ng hindi-nabayaranang balanse ng kustomer.

1. Panahon ng Muling-Pagbabayad: Ang kustomer ay magbabayad ng nabawasang balanse alinsunod sa takdang petsa na napagpasiyahan ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang kinatawan, kung saan ang petsa (ang "Reduced Payment Date") ay hindi bababa ng labinlimang (15) araw ng kalendaryo matapos ang epektibong petsa ng pagbabawas ng hindi-nabayaranang balanse.

2. Pagsunod sa petsa ng Binawasang Kabayaran: Kailangang magbayad ng kustomer ng nabawasang balanse sa o bago ng Reduced Payment Date at kailangang manatili na kasalukuyan sa pagbabayad ng buo ng anumang kabayaran na naipon sa bawat bayarin sa panahon ng pagbabayad. Kung nabigo ang kustomer na magbayad ng nabawasang halaga ng kabayaran sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos ng Reduced Payment Date, o nabigong magbayad ng kustomer sa kasalukuyang singil sa serbisyo ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa pag-aari ng kustomer na hindi bababa sa limang (5) araw ng pangangalakal pagkatapos maipaskil ng Lungsod sa tirahan ng kustomer ang pinal na abiso sa intensyon nitong itigil ang serbisyo.

D. Pansamantalang Ipinagpaliban ang Pagbabayad. Sinumang kustomer na hindi nakapagbayad para sa serbisyo ng tubig sa loob ng panahon ng normal na pagbabayad ng Lungsod at tumugon sa tatlong mga kondisyon sa ilalim ng Section 3.d sa itaas, na kukumpirmahin ng Lungsod, ay maaaring pansamantalang ipagpaliban ang hindi-nabayarang balanse sa panahon ng hanggang anim (6) na buwan pagkatapos ng nakatakdang kabayaran. Ang Lungsod ang siyang magtutukoy, sa diskresyon nito, kung gaano katagal ang ibibigay na pagliliban ng kustomer.

1. Panahon ng Muling-Pagbabayad. Kailangang bayaran ng kustomer ang hindi-nabayarang balanse sa petsa ng ipinagpaliban (ang “Ipinagpaliban Payment Date”) na itanakda ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang kinatawan. Ang magiging petsa ng Ipinagpalibang Kabayaran ay nasa loob ng labindalawang (12) buwan mula sa petsa ng hindi-nabayarang balanse na naging delingkuwente.

2. Pagsunod sa Petsa ng Nabawasang Kabayaran. Kailangang magbayad ng kustomer sa nabawasang balanse sa o bago ang Ipinagpalibang Petsa ng Pagbabayad at kailangang manatiling kasalukuyan ang pagbabayad ng buo ng anumang kabayaran na naipon sa bawat bayarin sa panahon ng pagsingil. Kung nabigo ang kustomer na magbayad ng hindi-nabayarang halaga sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo matapos ang Ipinagpalibang Petsa ng Pagbabayad, o nabigong magbayad ng kustomer sa kasalukuyan singil sa serbisyo ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa kustomer ng hindi bababa ng limang (5) araw ng pangangalakal pagkatapos maipaskil ng Lungsod sa tirahan ng kustomer ang pinal na abiso sa intensyon nitong itigil ang serbisyo.

6. Pagtutol sa bayad sa tubig – Pag-apela sa Bayarin

- a. Ang mga kustomer ay maaaring mag-apela sa halaga ng kanilang bayarin sa tubig sa Lungsod ng Gonzales sa loob ng sampung (10) araw matapos na matanggap ang resibo ng bayarin para sa serbisyo. Bilang karagdagan, sinumang kustomer na makatanggap ng “Overdue Notice” ay may Karapatan na magsagawa ng pag-apela at suriin ang bayarin kung saan may kinalaman sa Overdue Notice ng hindi bababa sa limang (5) araw ng pangangalakal matapos ang petsa ng Overdue Notice kung hinihinala ng kustomer na may mali sa bayarin na may pagtukoy sa dami ng nakunsumong tubig. Kailangan na ang lahat ng mga pag-apelang hiling ay isinulat at kailangang kasama ang mga dokumento na magsusuporta sa apela o dahilan ng pagsuri.
- b. Tatanggapin ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang kinatawan ang anumang apela para sa nabawasang pagbabayad at imbestigahan ang nasabing bagay.
- c. Walang kustomer ang madidiskonektahan habang ipinakipaglaban ang kabayaran sa tubig.
- d. Ang Tagapamahala ng Lungsod o kanyang kinatawan ay magsasagawa ng pagpapasiya sa mga natuklasan sa hinahawakang bagay sa loob ng 10 araw ng pangangalakal. Isang pagpupulong sa pagitan ng Tagapamahala ng Lungsod o kanyang kinatawan at ng kustomer ang itatakda kung napagtanto ng Tagapamahala o kinatawan na kailangan ito. Desisyon ng Tagapamahala ng Lungsod o kinatawan ang ipahayag sa isang maikling isinulat na buod ang desisyon.

- i. Kung ang singil sa tubig ay natukoy na hindi tama, ang Lungsod ay magbibigay ng itinamang invoice at pagbabayad ng binagong singil na dapat bayaran sa loob ng sampung (100) araw ng kalendaryo ng petsa ng invoice para sa binagong singil. Kung ang binagong singil ay nanatiling hindi nabayaran ng higit sa animnapung (60) araw ng kalendaryo matapos maibigay ang itinamang invoice, ang serbisyo ng tubig ay madidiskonekta pagkatapos maibigay ang Overdue Notice alinsunod sa patakarang ito. Ang serbisyo ng tubig ay maibabalik lamang kapag nabayaran ng buo ang lahat ng natitirang singil sa tubig, mga multa, at anuman at lahat ng naaangkop na singil para sa muling pagkonekta.
 - ii. Kung ang singil sa tubig na pinag-uusapan ay tama, ang singil sa tubig ay nakatakda at kailangang bayaran sa loob ng dalawang (2) araw ng pangangalakal pagkatapos ng desisyon ng Tagapamahala ng Lungsod o kanyang kinatawan ay maigawad. Sa oras na ang desisyon ng Tagapamahala ng Lungsod o kinatawan nito ay maigawad, ang kustomer ay aabisuhan ng karapatan nitong ipagpatuloy ang pag-apela sa harap ng Konseho ng Lungsod na ipinahayag sa subseksyon e. sa ibaba.
 - e. Maaaring i-apela ang pagpapasiya ng Tagapamahala ng Lungsod o Kinatawan sa Konseho ng Lungsod sa susunod na karaniwang pagpupulong. Anumang nasabing apela ay kailangang ipila sa pamamagitan ng panulat sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo pagkatapos maigawad ang desisyon ng Tagapamahala ng Lungsod o kinatawan nito. Ang mga Partido ay maaaring sumang-ayon sa apela sa iba pang araw kung ninanais. Ang mga tuntunin at pamamaraan para sa mga apela sa Konseho ng Lungsod ay isasaayos sa hiwalay na patakarang.
6. Impormasyon sa Numerong Pangkontak ng Kustomer para sa bayarin
- a. Ang numerong pangkontak ng kustomer ay ililista sa lahat ng bayarin ng kagamitan na mga sulat at mga abiso.
 - b. (831) 675-5000 ay maaaring gamitin para sa impormasyong bayarin ng kustomer at pakikilahok habang nasa normal na oras ng pangangalakal.
 - c. Ang koneksyon sa teleponong ito ay nasa English at Spanish kung may magagamit. Kung ang isang partikular na wika ay kailangan para sa buong pag-unawa at ang nasabing wika ay hindi agad magagamit, may isang tao na may kakayahan sa wika ang gagawa ng makatuwirang pagsubok sa susunod na 24 oras ng panganagalakal para magbigay ng kinakailangang mga serbisyo.
7. Ang Lungsod ng Gonzales ay magpapaskil ng numero ng mga diskoneksyon sa serbisyo ng tubig sa website ng lungsod kahit na taunan lamang.